

Plano sa Pagtataguyod na isang Multikulturang Pamayanan sa Koshigaya

◆ Layunin ng paggawa ng plano

Ang populasyon na 1,360 ka mga dayuhang residente ng Koshigaya noong taong 1989 ay umabot ng 7,006 sa taon 2019. Sa lumipas na dalawangpung taon lumampas ng dalawang porsyento (2%) ang populasyon ng dayuhang residente sa siyudad, at inaasahang patuloy itong tataas sa sumusunod na mga taon. Karamihan sa mga dayuhan na naninirahan sa Koshigaya ay permanenteng residente at inaasahang mananatili sa siyudad o sa bansang Hapon ng matagal. Maliban sa permanenteng residente, marami rin ang kasal sa Hapon at residente na Hapon ang nasyonalidad ngunit iba ang katutubong wika at hindi bihasa o pamilyar sa kultura ng bansang Hapon. At dahil dumadami ang mga dayuhan mula sa ibat-ibang bansa na naninirahan sa Koshigaya, naging importante ang magkakaroon at pagtataguyod ng isang multikulturang pamayanan.

At upang makamit ang isang multikulturang komunidad at para sa pag-unlad at paglago ng siyudad, nabuo ang *multicultural coexistence promotion plan* ng siyudad.

◆ Pag-posisyon ng plano

Ang plano na ito ay binuo base sa ika-4 na **comprehensive promotion plan** ng Koshigaya at sa tema na “Pagbuo ng pamayanan na may respeto sa bawat karapatan ng tao.” Binabatay rin ito sa nilalaman ng Multicultural Coexistence Promotion Plan ng Saitama Prefecture at Ministry of Internal Affairs and Communications (2016), habang tinitingnan at kinonsidera ang sitwasyon ng siyudad.

◆ Hanggang kailan ang pagpapatupad ng plano


Ang pagpapatupad ng planong ito ay sa loob ng 6 na taon (2020 ~ 2025). Ngunit mangyaring bigyan ito ng muling pagmamasid depende sa pagbabago ng estado ng ekonomiya ng siyudad at sa kaalaman ng publiko.

◆ Kasalukuyang sitwasyon ng Koshigaya

(1) Populasyon ng dayuhang residente

Ang populasyon ng dayuhang residente ng Koshigaya ay temporaryong bumababa sa panahon ng Tohoku earthquake noong 2011 ngunit tumaas ulit sa taon 2014. Ayon sa datos noong Disyembre 1, 2019, ang dayuhang residente ng siyudad ay umabot sa 7,006 (2.03% sa buong populasyon).

Mga pagbabago sa populasyon ng dayuhang residente ng siyudad




(2) Populasyon ayon sa nasyonalidad

Base sa datos noong Disyembre 1, 2019, may 83 ka nasyonalidad at iba pa ng mga dayuhan na naninirahan sa Koshigaya. Ang nangungunang sampu ay bumubuo sa 85% mula sa total ng dayuhang residente. Nangunguna dito ang bansang China na umaabot sa bilang na 2, 523 o 36%. Sumusunod naman dito ang bansang Pilipinas, Vietnam, South Korea at Bangladesh.

(3) Populasyon ayon sa residence status o bisa

Batay sa *status of residence*, 53.91% ng mga dayuhang nakatira sa Koshigaya ay *permanent resident, spouse of a Japanese national or permanent resident, long-term at special permanent resident*. Ang mga ito ay inaasang tatagal o manantili sa bansang Hapon hanggat gusto nila. Kumpara sa nakalipas na 5 taon, marami ang pagbabago sa residence status at dumadami ang *technical trainees at foreign students* ng bansa.

Populasyon ayon sa nasyonalidad



Populason ayon sa bisa o residence status

Hanggang Disyembre 1, 2014 Hanggang Disyembre 1, 2019	2014		2019	
	Bilang	Porsyento	Bilang	Porsyento
Total na populasyon	4,425	100.00%	7,006	100.00%
Status of Residence	3,185	71.98%	3,777	53.91%
Permanent Resident	1,820	41.13%	2,535	36.18%
Spouse or Child of Japanese National	453	10.24%	436	6.22%
Spouse or Child of Permanent Resident	82	1.85%	137	1.96%
Long Term Resident	397	8.97%	437	6.24%
Special Permanent Resident	433	9.79%	232	3.31%
Status of Residence base sa ginagawa	1,240	28.02%	3,229	46.09%
Technical Intern Training	230	5.20%	758	10.82%
Dependent	286	6.46%	624	8.91%
Student	264	5.97%	600	8.56%
Engineer/Specialist in Humanities/International Services	213	4.81%	551	7.86%
Designated Activities	67	1.51%	154	2.20%
Skilled Labor	85	1.92%	112	1.60%
At iba pa	95	2.15%	430	6.14%

※Ang bilang at porsyento na nakasulat sa Technical Intern Training ay ang kabuuan sa lahat ng klase ng technical intern bisa

※Ang bilang at porsyento na nakasulat sa Engineer/Specialist in Humanities/International Services ay ang kabuuan sa tatlo.

◆ **Pangunahing konsepto ng plano**

Pagbuo ng isang multikulturang komunidad na tumatanggap at may respeto sa kaibahan ng bawat isa.

Upang makakabuo ng komunidad na may respeto at tumatanggap ng kanya-kanyang kaibahan, kailangang may kaalaman sa kultura ng bawat isa. Hindi upang alamin kung sino ang tama o mali, kundi upang kilalanin ang pagkakaiba ng bawat isa kasama ang pagprotekta at pag respeto ng mga ito kahit na magkaiba ang pag-iisip at pinapahalagahan. Iwasan ang makitid na pag-iisip at samasamang mamumuhay bilang isang komunidad, dayuhan man o Hapon.

Sa pagrespeto at pagbuo ng isang masaganang komunidad, kailangan magkakaroon ng pagrespeto, pagtanggap, pakikisama at pakikibahagi tungo sa pagunlad ng komunidad at pagbuo ng isang multikulturang pamayanan.

◆ **Layunin ng plano**

- 1 Pagbuo ng komunidad na pinag-ugnay sa pamamagitan ng magandang komunikasyon.
- 2 Pagkakaroon ng ligtas at mapayapang buhay sa lahat ng mamamayan.
- 3 Pagbuo ng isang komunidad na pinapakinabangan ang kaibahan ng bawat isa tungo sa isang masaganang komunidad.
- 4 Pagbuo ng komunidad na pinapalago at itinataguyod ang pagkakaroon ng internasyunal na pagkakaisa.

◆ **Pangunahing batayan at layunin ng plano**

- 1 Naka-rehistrong boluntaryong tagapagsalin: 86 (taon 2018)
> Inaasahang maging 180 (sa taon 2025)
- 2 Mga sumasali sa multikulturang programa at kaganapan: 111 (taon 2018)
> Inaasahang maging 200 (sa taon 2025)
- 3 Lebel ng kasiyahan ng mga sumasali sa programa: walang impormasyon
> Inaasahang maging 80% (sa taon 2025)

◆ Palakad ng sistema

Layunin 1: Komunidad na pinag-ugnay sa isang magandang komunikasyon

May mga bagay na mabigyan agad ng solusyon sa sapat na komunikasyon ngunit may mga bagay rin na hindi agad mabigyan ng solusyon dahil sa kakulangan nito, na maging sanhi ng hindi pagkakaunawaan.

Sa patuloy na pagrami ng dayuhang residente, isa sa layunin na makapaghatid ng wastong impormasyon na kinakailangan sa araw araw na pamumuhay sa ibat-ibang wika at simpleng nihongo. At habang nirerespeto ang kaibahan ng bawat isa at upang makamit ang iisang komunidad kahit sa magkaiba ang kultura at kaugalian, may mga programa at oportunidad upang makapag-aral ng wikang Hapon at upang mas lalong mapalalim ang komunikasyon at pagkakaisa ng lahat ng residente, dayuhan man o Hapon.



Mga programa at proyekto upang makamit ito

(1) Pagbibigay impormasyon sa ibat-ibang wika at pagkakaroon ng serbisyo na tumatanggap ng multilingwal na konsultasyon

- ① Pagkakaroon ng translation/interpretation service sa loob ng city hall
- ② Pagbibigay ng multilingwal na impormasyon at mga pahayag
- ③ Pagkakaroon ng multilingwal na website ng siyudad
- ④ Pagkakaroon ng multilingwal na anunsyo sa bawat publikong pasilidad
- ⑤ Pagkakaroon ng multilingwal na karatula o sign board sa loob ng city hall
- ⑥ Pagkakaroon ng multilingwal na electronic bulletin board/s
- ⑦ Pagkakaroon ng multilingwal na newsletter (Koshigaya Messenger)
- ⑧ Pagkakaroon ng multilingwal na guidebook para sa mga residente
- ⑨ Pagkakaroon ng multilingwal na guide map ng siyudad
- ⑩ Pagkakaroon ng lugar na may multilingwal na impormasyon (i-corner)
- ⑪ Pagpalaganap sa paggamit ng simpleng Japanese o *Yasashii Nihongo*

(2) Suporta kaugnay sa wikang Hapon at sa pamumuhay sa bansang Hapon

- ① Pakikipag-ugnayan sa Japanese Language Classes ng siyudad
- ② Pagkakaroon ng *basic course program* para sa mga Japanese language volunteers
- ③ Pagkakaroon ng oryentasyon para sa mga dayuhang residente kaugnay sa paninirahan sa siyudad
- ④ Pagkakaroon at pagbibigay ng Japanese language teachers sa mga paaralang elementary at sekondarya
- ⑤ Pagkakaroon ng programa upang makaranas ng hands-on sa kulturang Hapon
- ⑥ Paghahanda ng mga materyales na magagamit sa pagtuturo o pag-aaral ng wikang Hapon.

Layunin 2: Pagkakaroon ng ligtas, tiwasay at mapayapang pamumuhay bilang isang komunidad

Sa patuloy na pagdami ng mga dayuhang residente, layunin na patuloy na magbibigay ng suporta kaugnay sa edukasyon, tuwing may kalamidad, pag-iwas krimen, medikal, health insurance, welfare, tirahan, trabaho at iba pa upang magkakaroon ng ligtas at matiwasay na pamumuhay.

Mga programa at proyekto upang makamit ito

(1) Edukasyon

- ① Pagkakaroon ng programa para sa edukasyon at pagsasanay ng mga batang may internasyunal na kinagisnan
- ② Pagbibigay ng Japanese language teacher para sa mga batang hindi Nihonggo ang katutubong wika (*)
- ③ Pagkakaroon ng multilingwal na impormasyon kaugnay sa pag-aaral o pagpasok sa paaralan
- ④ Pagbibigay ng pinansyal na suporta sa mga batang pumapasok sa paaralan para sa mga dayuhan
- ⑤ Pagkakaroon ng kurso/programa kaugnay sa multikulturang pamayanan na inorganisa ng mga dayuhang residente
- ⑥ Pagkakaroon ng mga materyales na magagamit kaugnay sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Hapon (*)

(2) Tuwing may kalamidad at pag-iwas krimen

- ① Pagsasanay tuwing may kalamidad para sa mga dayuhang residente
- ② Pagkakaroon ng multilingwal na impormasyon o manwal sa evacuation centers at shelter at iba pa
- ③ Pagkakaroon ng sentro na makapagbigay ng multilingwal na suporta tuwing may kalamidad
- ④ Pagkakaroon ng multilingwal na hazard map tuwing may lindol at mapa kaugnay sa paghahanda tuwing may kalamidad
- ⑤ Pagkakaroon ng multilingwal na hazard map tuwing kaugnay sa baha at pag-apaw ng tubig sa ilog
- ⑥ Pagkakaroon ng signboards o karatula patungo sa evacuation centers/shelters
- ⑦ Pag-anyaya ng mga dayuhang residente na sumali sa general disaster prevention drills
- ⑧ Pagkakaroon ng sapat na kaalaman kaugnay sa pag-iwas krimen at regulasyon sa trapiko

(3) Pang medikal, pangkalusugang kaseguraduhan at kaginhawaan

- ① Pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa medikal na institusyon na pwede sa ibang wika
- ② Pagkakaroon ng multilingwal na manwal kaugnay sa national health insurance system
- ③ Pagkakaroon ng multilingwal na dokumento kaugnay sa ospital/klinika
- ④ Pagkakaroon ng multilingwal na impormasyon kaugnay sa kaligtasan ng kalusugan
- ⑤ Pagkakaroon ng multilingwal na impormasyon kaugnayan sa serbisyo ukol sa pagpapalaki ng bata
- ⑥ Pagkakaroon ng *medical interpretation service* gamit ang *electronic terminals*

(4) Tirahan

- ① Pagbibigay ng impormasyon na may kaugnayan sa bahay o tirahan
- ② Pagkakaroon ng oryentasyon para sa mga dayuhang residente kaugnay sa paninirahan sa siyudad (*)
- ③ Imbitasyon at paanyaya upang sumali sa mga lokal na aktibidad
- ④ Pagkakaroon ng multilingwal na impormasyon kaugnay sa pagkolekta ng basura
- ⑤ Pagsagot ng 119 calls sa ibat-ibang wika
- ⑥ Pagkakaroon ng *interpretation service* sa mga *emergency calls* gamit ang *electronic terminals*

(5) Trabaho

- ① Suporta para sa mga dayuhang manggagawa o trabahador
- ② Pagbibigay ng impormasyon at pagtanggap ng konsultasyon kaugnay sa pangangasiwa

(*) Programa o proyekto na nauulit.

Layunin 3: Komunidad na pinapakinabangan ang kaibahan ng bawat isa tungo sa isang masaganang komunidad

Maliban sa programa na magbibigay suporta para sa mga dayuhang residente, magkakaroon din ng lugar kung saan ang mga dayuhang residente ay may oportunidad na mamumuno sa pagbibigay suporta, tulong, saklolo at iba pa. Isang lugar kung saan may pagkakaisa, pagtutulungan at pag respesto ng bawat isa bilang isang mamamayan, kahit na ano pa ang nasyonalidad.



Mga programa at
proyekto upang
makamit ito

(1) Pakikibahagi ng dayuhang residente sa komunidad

- ① Pagkakaroon ng programa kaugnay sa multikultturang pamayanan na inorganisa ng dayuhang residente (*)
- ② Pagkakaroon ng dayuhang boluntaryong tagapagsalin sa city hall
- ③ Pagsali sa mga aktibidad sa komunidad (*)
- ④ Pagdami ng mga tagapalaganap ng multikultutang pamayanan at boluntaryong tagapagsalin
- ⑤ Suporta sa Koshigaya International Festival

(2) Pagbibigay pansin sa isang multikultutang komunidad at pamayanan

- ① Pagkakaroon ng programa kaugnay sa multikultturang pamayanan na inorganisa ng dayuhang residente (*)
- ② Pagtaguyod upang mawala ang diskriminasyon laban sa mga dayuhan
- ③ Pagpalaganap ng human rights consultation service para sa mga dayuhan
- ④ Wastong edukasyon upang mawala ang mapoot na salita (hate speech)
- ⑤ Pagkakaroon ng programa sa pagranas ng hands-on sa kulturang Hapon (*)
- ⑥ Suporta sa Koshigaya International Festival (*)

(3) Mga pagsasanay para sa isang masaganang manggagawa

- ① Pagkakaroon ng programa kaugnay sa multikultturang pamayanan na inorganisa ng dayuhang residente (*)
- ② Koshigaya City youth (junior high school) delegation program
- ③ Pagtanggap ng youth delegation mula sa Campbelltown
- ④ Seminar at workshop para sa mga boluntaryong tagapagsalin
- ⑤ Pagkakaroon ng *basic course program* para sa mga Japanese language volunteers

(4) Pagbuo ng network ng mga namumuno o lider ng bawat grupo


- ① Pagbuo ng network sa mga lider ng bawat grupo

(*) Programa o proyekto na nauulit.

Layunin 4: Komunidad na pinapalago at itinataguyod ang pagkakaroon ng internasyunal na pagkakaisa

Pagkakaroon ng internasyunal na pananaw sa lahat ng mga residente sa pamamagitan ng mga programa at pakikipaghalubilo sa mga dayuhang residente at sister city affiliation ng siyudad. Inaasahang makamit ang isang global na komunidad sa kabila na magkakaiba ang wika at kultura.

Mga programa at proyekto upang makamit ito

- 
- (1) International exchange sa lokal na komunidad
 - ① Suporta sa Koshigaya International Festival (*)
 - (2) International exchange sa ibang bansa
 - ① Koshigaya City youth (junior high school) delegation program (*)
 - ② Pagtanggap ng youth delegation mula sa Campbelltown (*)

(*) Programa o proyekto na nauulit.

◆ Pagpalaganap sa istraktura ng multikulturang pamayanan

(1) Pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa iba't-ibang organisasyon

Upang makamit ang isang multikulturang pamayan, sa pagtaguyod ng mga proyekto at bilang sagot sa mga hamon nito, kailangan ang pakikipagtulungan sa mga residente, industriya at iba pang may kaugnayan na organisasyon. Higit sa lahat, inaasahan ang pakikipagtulungan lalo na sa Koshigaya International Association, mga boluntaryo, paaralan, at iba pa upang makamit ang layunin.

(2) Pagpalaganap sa sistema ng siyudad

Sa pagpalaganap ng isang multikulturang komunidad, kinakailangan ang pakikipag-ugnayan sa bawat opisina ng siyudad upang alamin ang issues at aktwal na kondisyon ng mga dayuhang residente upang magkakaroon ng sapat na hakbang patungo sa isang multikulturang pamayanan.

(3) Tungkulin ng Koshigaya International Association at iba pang community groups

Sa mga isyu ng pagtataguyod ng isang multikulturang pamayanan, may mga panahon na maging importante ang pagiging pleksibol sa mga pamaraan at pagkakaroon ng mabilis na pag desisyon. Sa sitwasyong ito, inaasahang mas mabilis makakilos at makahanap ng paraan o solusyon ang Koshigaya International Association at mga community groups kumpara sa publikong administrasyon. Hanggang ngayon, patuloy na nagbibigay ng suporta ang siyudad sa mga ginagawa ng civic action groups tulad ng Japanese language classes at iba. Sa pakikipagtulungan sa Koshigaya International Association, ipagpatuloy ang suporta sa bawat community groups habang ipapalaganap at makamit ang isang multikulturang pamayanan.

(4) Multikulturang pagkakaisa at ang lokal na komunidad

Naging isyu sa neighborhood associations at community groups ang pagbaba ng mga membro at karamihan sa mga sumasali ay matatanda. Kaya aanyayahan at maging importante ang pagsali ng mga masisigla at mas batang membro lalo na ang pagsali ng mga dayuhang residente sa neighborhood associations at maging bahagi upang lalong mabuhay at sisigla ang lokal na komunidad.